**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 7, 83-100




# Construct validity ng panibagong tool ng pagtatasa sa self-efficacy ng mga guro sa dinamikong edukasyon ng bansa: Batayang PPST domeyn at kompetensi

Dela Torre, Natividad P. ✉
*Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng mga Guro sa Edukasyon, Ethiopia (delatorren@cnu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026 OPEN ACCESS
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26822

***Abstract***

Teachers' self-efficacy is an important instrument in teaching for the attainment of quality education in the teaching profession. Using psychometric analysis, this study examined and analyzed the perceptions of Filipino Senior High School teachers in Region 7 on their self-efficacy to develop an assessment scale measuring teachers' self-efficacy. It anchored the theory of Moran and Hoy (2001) and on the domains and competencies stipulated in the Philippine Professional Standards for Teachers in the Philippine education. It determined teachers' perceptions of their level of self-efficacy in terms of instructional strategies, classroom management, student engagement, content knowledge and assessment efficacy. It analyses the structural relevance of the levels of reliability and validity of the novel factors structured in the Teachers' Self-Efficacy Scale. An observational, cross-sectional exploratory survey design was employed in gathering data from 296 public Senior High School teachers across Regional 7 using online questionnaire. Using principal component analysis and confirmatory factor analysis, the study found that the construct validity of the structure of each factor and component was valid and reliable for assessing teachers' self-efficacy. The study recommends the effective utilization of the self-efficacy assessment tool for teachers where the items under each factor derived the teaching competencies in the Philippine Professional Standards for teachers in 21st –century educators. The tool is valid and reliable for assessing teachers' effectiveness and competencies and significantly aid the Department of Education in evaluating teachers' quality performance thereby promoting excellence and improving the quality of modern education in the country.

***Keywords:*** self-efficacy, perceptions, psychometric analysis, innovative metrics

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Construct validity ng panibagong tool ng pagtatasa sa self-efficacy ng mga guro sa dinamikong edukasyon ng bansa: Batayang PPST domeyn at kompetensi


## 1. Abstrak

Ang pansariling-bisa ng guro ay mahalagang kasangkapan sa pagtuturo para sa pagtamo ng de kalidad na edukasyon. Gamit ang sikometrikal na analisis, tinasa ang mga pananaw sa pansariling-bisa ng mga guro sa Filipino ng Senyor Hayskul ng Rehiyon 7 upang mabuo ang panibagong iskeyl ng pagtatasa na pinagbatayan ang teorya nina Moran at Hoy (2001) at ang Philippine Professional Standard for Teachers. Tiniyak na masuri ang pananaw ng mga guro sa lebel ng kanilang pansariling-bisa ayon sa estratehiyang instruksyonal, pangangasiwa sa klasrum, pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, kabatirang pangnilalaman at bisa sa pagtataya. Sinuri rin ang kabuluhan ng istruktura ng mga salik at antas ng relayabiliti at balididi ng nobel na salik sa iskeyl ng pagtatasa. Ginamit ang obserbasyunal- kros-seksyunal – eksploratori na sarbey sa pagkalap ng mga datos na may 296 senyor hayskul na mga guro ng pampublikong paaralan ng Rehiyon 7 gamit ang talatanungan via online. Gamit ang principal component analysis at confirmatory factor analysis, natuklasan na ang construct validity ng estruktura sa bawat salik at komponent ay balido at relayabol para sa pagtatasa ng pansariling-bisa. Inirekomenda ng pag-aaral na mabisang gamitin ang tool dahil ang mga aytem ng bawat salik ay hinugot mula sa domeyn at kompetensi ng PPST para sa 21st siglong mga guro at ang kabisaan ay relayabol gamitin sa pagtatasa sa bisa at kakayahan ng guro na tiyak makatutulong sa buong Kagawaran ng Edukasyon sa pagtatasa sa kalidad ng performans ng mga guro sa pagpapalaganap ng kahusayan sa kalidad ng dinamikong edukasyon ng bansa.


***Susing-salita***: pansariling-bisa;pananaw; sikometrikal na pagsusuri; makabagong metriks

## 2. Introduksiyon

*"Magagawa ko ito".* "*Kaya ko ito*." Karaniwang tugon sa isang taong nagpapamalas ng positbo at may mataas na paniniwala sa pansariling-bisa at kakayahan niya bilang indibidwal sa araw-araw niyang paggalaw sa buhay. Ayon kay Bandura (1986), ang pansariling-bisa o *self-efficacy* ay isang teoryang sikolohikal sa paniniwala ng isang tao sa kanyang sariling kakayahan na maisagawa ang mga gawain at harapin ang mga hamon upang makamit ang isang layunin. Nakakaapekto rin ito sa paggawa ng desisyon, nakakaimpluwensiya sa pagiging determinado, tumutulong sa pagharap sa stress, mga pagsubok at naaapektohan nito ang performans at tagumpay. Dagdag din niya na ang bisa sa sarili ay isang personal na pagpupuna at pagtitiwala sa sarili kung gaano ipinakita ang kanyang pagkilos at abilidad bilang isang nilalang para maabot ang hangarin sa buhay (Bandura,1997). Samakatuwid, nagsisilbing pansariling kasangkapan at panangga ito sa pagharap sa di matatawarang kabilisan ng pagbabago at kompetisyon sa larangan ng ekonomiya, politika, industriya, komersiyo, midya, teknolohiya sosyal-midya at sa makabagong sistema ng kasalukuyang edukasyon ng bansang Pilipinas.

Sa sinumang propesyonal saan mang panig ng mundo ay mahalagang magsagawa ng regular na pagtatasa sa sarili patungkol sa level at istatus ng pagiging epektibo sa propesyonal na performans ng isang indibidwal. Sa karerang pangguro ay gumamit ng pagtatasa o *assessmen*t upang masukat ang kakayahan, katangian at kalikasan na naaayon sa ganitong propesyon. Ayon kay Belvez (2000), ang pagtatasa ay hakbangin sa siklo ng pagtuturo upang maebalweyt ang performans ng guro at sa bisa ng kanyang sarili. Ipinahayag nina Ashton at Webb (1986) na ang kabisaan ng sarili ay mahalagang papel sa katatagan (resilience) at pagpupursige (persistence) sa mapanghamong gawain ng pagtuturo ng isang guro; hindi kaagad siya sumusuko sa pagharap sa mahihinang performans ng klase, kakulangan ng resources o kaya'y kakulang ng suporta. Dagdag pa nila na kapag mataas ang pansarling-bisa ng guro ay mababawasan nito ang pagiging kritikal, mapanghusga at mapanisi sa mga mag-aaral kapag sila ay nagkakamali sa klase. Ang gurong may matatag na paniniwala sa sarili ay mas nakapagpapamalas ng pag-unawa, pasensya at suporta sa mga mahihinang mag-aaral.

Sa ilalim ng Sustainable Development Goal 4 na binigyang-diin ang kalidad ng edukasyon, tunguhin nito na tutukan ang kalidad ng guro at ng kanyang pagtuturo hindi lamang sa kanyang *access* at fasilidad (UNESCO, 2000). Kaugnay sa kontekstong pangguro at kultura ng edukasyon ng bansang Pilipinas, ipinalabas ang kautusang *Philippine Professional Standard for Teachers* ( DepEd Order No.42, s. 2017) para sa kaunlaran ng propesyon ng mga guro at ang kalidad ng kanilang pagtuturo. Layunin ng kautusan na magkaroon ng reporma at panibagong kaanyuan ang isang dekalidad na guro-- mga gurong may mataas na kalidad sa kakayahan ng pagtuturo, handang magturo at kwalipikado ng pinaigting na programang K to 12 ng bansa upang matiyak ang kalinangan ng mga kakayahan ng *21st century* ng isang modernong guro tulad ng pagiging lider, paggalang sa dibersidad na populasyon ng mga mag-aaral, kabatiran sa nilalaman ng kanilang itinuturo, kaayusan sa pangangasiwa sa pagkatuto ng mag-aaral at mapagnilay na guro sa kanilang propesyon (Boholano et al.,2019).

Nakasaad din sa *Governance on Basic Education Act* ng 2001 na ang mga guro ay propesyonal na nangangasiwa sa mga mag-aaral sa pagpamalas ng kaalaman, kasanayan at pagpapahalagang moral sa pagtamo ng kaunlaran, may kabatiran, may mga kasanayan, kaasalan at may mga espesyal na pagsasanay para sa pagtuturo at pagkatuto ( *Republic Act 9155*). Itinadhana rin ng Republic Act No. 7836 ang *Code of Ethics for Professional Teachers* (2019) na ang guro ay ang pinakamarangal na propesyon sa lahat ng propesyon na nagtataglay ng mga pambihirang katangian at kakayahan…dapat may paninindigan at may pinakamataas na dekalidad na edukasyon, gagawa ng pinakamabuting paghahanda para sa karera ng paguturo, pinakamahusay sa lahat ng oras at pagganap sa kanyang propesyon ( Code of Ethics, Art.4, Sek.1-2). Malinaw na binibigyan ng malaking pagkilala at pagpapahalaga ng batas at ng Departamento ng Edukasyon ang kahalagahan ng mga guro sa bansang Pilipinas.

Subalit kailangang tasahin pa rin ang pansariling-bisa at kakayahan ng guro upang malaman ang hangganan sa pagtamo ng hangarin, layunin at mga gawaing itinakda ng batas at ng Kagawaran ng Edukasyon; kung gaano kabisa ang mga pamamaraang ginamit, gaano kalawak ang natutuhan ng mga tinuturuang mag-aaral, nakamit ba ang layuning inihanda ng kanyang paksang itinuturo, kung tagumpay ba ang pagtuturo at kung umunlad ba ang pagtuturo at pagkatuto (Oriondo, 1984) lalo na ang pagkakaroon ng Senior High School ng bansa. Wika pa ni Belvez (2000), *"Maaaring maging guro siya qualified to teach subalit baka hindi naman siya quality teacher,"*

Ngunit sa kabila ng mga pagsasaalang-alang at hakbangin, nakapanlulumong isipin ang kontrobersiyang madalas naririnig hinggil sa mga guro sa Filipino na sila ay salat sa kaalaman, walang kabisaan at kakayahan sa pagtuturo dahil ayon pa, sila ay eksperto lamang sa minemoryang tuntunin ng wika at patuloy na gumagamit ng mga tradisyonal na pamamaraan sa pagtuturo na hindi alam ang tunay na pakahulugan at kabuluhan sa kasalukuyang kalagayan at walang kakayahang gumamit sa kaalamang siyentipiko, maging sa mga *elit* na pahayag gamit ang makabagong teknolohiya at mapanghamong integrasyon ng ASEAN at globalisasyon.

Kapuna-punang kakaunti lamang ang mga gurong Filipino na nagtuturo ng Senior High School ng rehiyon at ninais ng pag-aaral na malalaman ang kadahilanan nito. Hindi maikakaila na hindi lahat ng guro sa Filipino na nagtuturo ng Senior High School ay may sapat na kakayahang makapag-ambag ng isang dekalidad na edukasyon lalo na kung ang ipinaturo ay asignaturang Filipino na hindi naman ito kanyang konsentrasyon lalo nang marinig ng mananaliksik ang fidbak ng kanyang mga estudyanteng Gen Z sa unang taon ng kolehiyo ukol sa kahinaan ng kakayahan ng kanilang guro sa Filipino sa Senior High School. Ito ay di dapat palampasin.

Dahil sa mga usapin, isyu at kontrobersiya, ito ang nagtulak at nahamon ang mananaliksik na gawin ang pag-aaral na ito upang makilala, masuri at matasa ang pansariling-bisa o *self-efficacy* ng mga guro na nagtuturo ng Filipino sa Senior High School ng Rehiyon 7 ukol sa pananaw nila sa lebel ng kanilang pansariling-bisa ayon sa estratehiyang pang instruksyonal, pangangasiwa sa klasrum, pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, kabatirang pangnilalaman at bisa sa pagtataya; mga salik na nakapapaloob sa iskeyl ng TSES; kabuluhan ng istruktura sa mga alternatibong salik at antas ng relayabiliti at balididiti ng estruktura ng nobel na salik sa Iskeyl ng

Pansariling-Bisa ng mga guro at ang pagbuo ng panibagong *tool* sa iskeyl ng pagtatasa sa pansariling-bisa ng mga guro nitong panahon ng makabagong edukasyon ng bansa. Nais ding patotohanan ng pag-aaral ang ipinahayag ng dating Kalihim Leonor Briones ng Departamento ng Edukasyon na, "*ang wikang Filipino sa basic education curriculum ay walang pagbabago ni palitan dahil ang K to 12 program ay pinaigting lalo ang pagtuturo sa mga asignaturang Filipino…itong Filipino at Panitikan ay naging mas advance na sa Senyor Hayskul (Montemayor, 2018).* Sa ganang ganito, mabigyan ng angkop at agarang hakbangin sa lalo pang pagpapahusay ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at nang maitanim sa isipan at mayakap sa bawat puso ng mamamayan ang kahalagahan rin nila para sa pambansang kamalayan at pansariling pagkakakilanlan (*national awareness & self-identity*).

***Layunin ng Pananaliksik*** - Tasahin ang pansariling-bisa ng mga guro ukol sa bisa ng kanilang estratehiyang pang-instruksyonal, pangangasiwa sa klasrum, pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, kabatiran ng nilalaman at bisa sa pagtataya gamit ang mga katangiang sikometrikal na pagsusuri upang mabuo ang isang iskeyl na pagtatasa para sa pansariling-bisa ng pagtuturo (Teacher's Self-Efficacy Scale).

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik*** - obserbasyunal- kros-seksyunal – eksploratori na sarbey ang inilaang estratehiya sa paglusad ng pag-aaral. Dahil sa ito'y di –eksperimental, likas ng pag-aaral ang paggamit ng obserbasyunal at kros-seksyunal sa paglikom ng mga impormasyon ng mga antas sa pansariling bisa ng mga guro sa Filipino ng Senior High School ng buong rehiyon. Ginamit din ang eksploratori sarbey upang sisirin ang nakausling istruktura ng iba't ibang salik ng pansariling bisa batay sa teorya at iskeyl ng Ohio State Teacher Efficacy Scale nina Moran at Hoy (2001). Kailangan ang sarbey komponent upang mailusad ang pangmalawakang iskeyl sa paglikom ng mga datos Sinukat nito ang antas ng pansariling bisa na halaw sa minomodipikang iskeyl nina Moran at Hoy (2001)—ang OSTES. Inaanalisa at pinoproseso nito ang mga datos gamit ang metodo ng "*psychometric factor analysis*". Tiniyak nito na mailarawan at maievalweyt ang mga katangiang sikometrik ng iskeyl sa pansariling-bisa ng mga guro na nagtuturo ng Filipino. Hinugot ang iba't ibang estruktura ng mga salik o mga modelong nangibabaw mula sa orihinal na Iskeyl sa Pansariling Bisa ng mga guro gamit ang *Principal Component Analysis.* Ang nakuhang estruktura ng salik ay sinuri ang pagkabalido nito sa pamamagitan ng *Confirmatory Factor Analysis.* Ang global iskeyl ng internal relayabiliti ay ginamit para sa ebalwasyon ng relayabiliti sa mga tiyak na salik na tinasa, basehan sa baliditi ng mga salik sa bawat aytem ng talatanungan ng sarbey.

***Pinagmulan ng Datos*** - Ang respondent ay mga guro na nagturo ng Filipino sa Senior High School sa mga pampublikong paaralan na nabibilang sa buong Departamento ng Edukasyon ng Rehiyon 7: Dibisyon ng Probinsiya ng Cebu, Bohol, Negros Oriental at Siquijor. Isang *online survey* ang ginamit ng mananaliksik gamit ang *access* ng rehiyonal na *link* na binigyang pahintulot ng Direktor ng Departamento ng Edukasyon at superbisor ng Filipino ng rehiyon. May kalayaang tumugon ang mga guro sa talatanungan ng sarbey na nahahati sa tatlong bahagi: *informed consent form, demographic profile* na talatanungan at minomodipikang *Ohio State Teacher Efficacy Scale* (OSTES).

***Instrumentong Ginamit*** - Dalawang set ng talatanungan ang ginamit. Una, talatanungang gawa ng mananaliksik na naglalaman ng profayl ng mga guro sa Filipino ng Senior High School na sinaklawan ng kanilang karanasan sa pagtuturo ng Filipino, kuwalipikasyon at espesyalisasyon at kaligiran ng kanilang trabaho bago pa man ang pagtuturo at pangalawa, talatanungan ng Ohio State Teachers Efficacy Scale (OSTES) na isang istandardisadong *tool* nina Tschannen-Moran at Hoy (2001) at nasubok na sa iba't ibang kultura ng edukasyon sa mga bansa (Youyan et.al.,2012). Ito'y binubuo lamang ng dalawampu't apat ( 24) na aytem na nahahati sa tatlong salik: bisa sa istratehiyang pang-instruksyonal, bisa sa pangangasiwa sa klasrum at bisa sa pakikipag-ugnayan sa mga mag- aaral . Minomodipika ito ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagdagdag ng dalawa pang salik na may labing-anim (16) na aytem: ang kabatirang pangnilalaman o *content knowledge* (8 aytem) at ang patataya o *evaluation* (8 aytem) na ang mga kompetensi ay batay sa Philippine Professional

Standard for Teachers (DepEd no.42, s.2017) Isinalang muna ito ng *content validation* ng mga pili at kuwalipikadong *validators* na mga edukador na eksperto sa Sikolohiya at larangan ng Filipino. Ang apatnapung (40) aytem ay sinukat sa pamamagitan ng nine-*point Likert scale* mula bilang isa (1), "talagang wala" hanggang siyam (9), "palagi".

***Pagsusuring Istatistikal*** - Ginamit ang iba't ibang teknik at mga estratehiyang istatistikal para sa sikometrikal na analisis. Una, itinakda ang istandard na hakbangin para sa pag-analisa ng mga aytem gamit ang mga iskeyl ng "Likert". Tiniyak nito na makuha ang *mean at standard deviation* ng bawat aytem sa iskeyl na ipinakita. Mahalaga ang kaalaman dahil naitsek at naiwasto ang haka-haka o *assumption* bago pa man gawin ang mga metodo ng *inferential statistics*. Ginawa ito upang maiwasto at masuri kung may kabuluhan o walang kabuluhang sangkap ba o kaya'y nawawalang datos na nakakaapekto sa di balanse at kawalang timbang sa baliditi ng mga metodo sa analisis ng mga salik. Sa larangan ng nawawalang datos, isinama sa pagwawasto sa pamamaraang analisis kung ang kulang o nawawalang datos ay isa bang kaso ng tinatawag na *missing-completely-at- random* (MCAR) o kaya'y *missing-at-random* (MAR). Pangalawa**,** ang pagkakaroon ng analisis sa mga salik sa pamamagitan ng pagggamit ng *Principal Component Analysis*. Narito ang mga tiyak na aytem para sa pag-aanalisa: Upang malalaman at makukuha ang bilang ng mga salik o ang mga prinsipal na komponent na kinuha mula sa isang iskeyl, ang pansamantalang *eigenvalues* ay tatasahin sa direktang paggamit *ng oblimin/oblique rotation*. Sa pagsasaalang-alang na isang makabuluhan ang prinsipal na komponent, nararapat na ekwal (=) o higit na mataas o malaki sa isa ( < 1 ) ang pansamantalang *eigenvalue* na tinuringan.

Upang malaman kung ang metodo ng *rotation* ay nanatili, sinukat ang mga balyu ng komponent sa pamamagitan ng *correlation*. Kung sakaling matataas ang antas ng pagkakaugnay-ugnay ng mga prinsipal na komponent at mga salik, muling gawin at gagamitin ang *principal component analysis* at papalitan ang metodong *rotation* ng *promax rotation* na siyang kakailanganin para masukat ang "multi-linear" ng bawat varyabol. Kung walang makikitang ugnayan mula sa mga prinsipal na komponent at mga salik, ang direktang paggamit ng *oblimin/oblique rotation* ay manatili.

Upang malaman ang mga tiyak na aytem sa prinsipal komponent, gagawin ang analisis ng *component loadings.* Madalas ipinapakita ito sa pamamagitan ng *rotated component matrix*. Ito'y isang ilustrasyon kung alin sa mga aytem ng nasa iskeyl ang may malakas na timbang o madalas na mangingibabaw sa bawat salik. Ang may malakas na timbang o madalas na nangingibabaw na salik ay nangangailangan ng balyu na hindi bababa sa < .60 o higit pa at ang katanggap-tanggap na *factor loadings* ay nangangailangan ng balyu na hindi rin bababa sa pagitan ng .30 hanggang .59. Posible ring mangyayari dito ang tinatawag na *cross-factor loadings*.

Isang analisis ng internal relayabiliti ang gagawin sa bawat komponent na may katanggap-tanggap na Cronbach Alpha balyu na hindi bababa sa .70. Ang parehong gawain at proseso ay gagawin din sa kabuuang iskeyl. Sa hakbanging ito ay maaaring may mangyayaring pagtanggal o pag-alis ng aytem. Isasaalang-alang din ang mga matuklasang ulat ukol sa pagtaas ng internal relayabiliti kapag ang aytem ay matatanggal.

Ang kabuuang sampol ay mararapat na bawasan nang hanggang pitumpung porsiyento (70%) lamang at ang matitirang set ng *random data* maaaring gamitan ng *confirmatory factor analysis*. Sa pamamagitan nito, isang pagsubok ang gagawin upang analisahin ang balidit ng mga iskeyl at ang kabigatan ng mga aytem. Upang makompirma ang balidit, at upang matingnan ang modelong kasapatan at kaangkupan, imumungkahing gamitin ang panukat na *goodness-of-fit-statistics* tulad ng *Comparative Fit Index (CFI), Goodness-of- Fit Index (GFI), Adjusted Goodness-of-Fit Index (AGFI), Normed Fit Index (NFI), at ang Tucker Lewis Index (TLI)* na nangangailangan ng balyu na mas mataas kaysa .9. Ang *Root Mean Square Error of Approximation* (RMSEA) na siyang *badness-of-fit index* ay gagamitin din upang matingnan ang kabuluhan ng modelong salik na nangangailangan ng valyu na mababa sa .05, na may katanggap-tanggap na saklaw o *range* mula sa pagitan ng .051 hanggang .08.

Ang lahat ng ito ay magiging posible lamang kung ang mga tinitingnang haka-haka o *assumption* sa *principal component analysis* ay sapat at tumpak. Ang dalawang mahahalagang pagsubok ng *assumption* ay

kinakailangang makuha nang sa gayon ay buong maisakatuparan ang mga kakailanganin ng prinsipal komponent analisis: ang 1) kaangkupan ng sampol o *sampling adequacy* at 2) kabagayan sa pagtanggal ng datos o *suitability for data reduction*. Gagamitin ang mga metodong kikilatis sa kaangkupan ng sampol gaya ng *Kaiser-Olkin-Meyer Test* para sa kabuuang set ng datos at ang indibidwal na baryabol. Upang maabot at makuha ang kaangkupan, nararapat na ang balyu ng KOM ay nasa pagitan ng .80 at 1. Para maipakita ang kabagayan, ang paggamit ng *Bartlett's test of Sphericity* ay maaaring gamitin. Upang ang mga datos ay may kabagayan sa pagtanggal, ang pagsubok ay nararapat makakuha ng makabuluhang valyu ng $p < .01$. Ang lahat ng operasyong estatistikal na ginamit ay magiging posible sa pamamagitan ng paggamit nitong *JASP Statistical Software* na nasa bersyong 0.15.1, isang bukas na pinagkukunang proyektong *software* ng University of Amsterdam, *Department of Psychology and Psychological Methods Unit.*

## 4. Mga Natuklasan

### *4.1 Profayl ng mga Guro*

**Talahanayan 1**.

*Prekwensi at Porsiyento sa mga Taon ng Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino*

| Kategorya | Prekwensi (f) | Porsiyento(%) |
|---|---|---|
| 0-6.99 taon | 143 | 48.31 |
| 7-12.99 taon | 84 | 28.38 |
| 13-18.99 taon | 31 | 10.47 |
| 19-24.99 taon | 24 | 8.11 |
| 25-30.99 taon | 10 | 3.38 |
| 31-36.99 taon | 3 | 1.01 |
| 37-42.99 taon | 1 | 0.34 |
| Total | 296 | 100.00 |

Karamihan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Senior High School ay mga baguhan sa kanilang mga propesyon. Implikasyon ito na ang mga baguhan at nakakabatang mga edukador ay mga gurong dinamiko, may potensyal at inobatibo, dala ang mga makabago at sariwang mga ideya, kaalaman at mga makabagong dulog ng pagtuturo sa Filipino. Ayon kay Villanueva (2018), mahalaga sa panahon ngayon, ang isang guro ay may sapat na kahandaan sa pagharap ng klase sa paglikha ng isang makabayan, mapagpalaya at siyentipikong pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng mga napapanahon at inobatibong pagtuturo; naglalantad ng malikhaing paraan sa pagpapaunawa sa mga mag-aaral, pinapabilis ang pagkatuto nito, may pagbabalak at pagpaplano ng mga aralin sa pagsasaalang-alang na ang pagtuturo-pagkatuto ay magiging masaya, mabunga at mahalaga sa bawat araw pagkatapos ng klase.

**Talahanayan 2**

*Prekwensi at Porsiyento Para sa Kuwalipikasyon ng Espesyalisasyon*

| | *Prekwensi (f)* | *Porsiyento(%)* |
|---|---|---|
| Bachelor's Degree | 94 | 31.76 |
| Bachelor's Degree w/ Master Degree Units | 142 | 47.97 |
| Masters Degree | 36 | 12.16 |
| Master's Degree w/ Doctorate Degree Units | 17 | 5.74 |
| Doctorate Degree | 6 | 2.03 |
| Post-Doctorate | 1 | 0.34 |
| Total | 296 | 100.00 |

Mula sa dalawang daan siyamnapu't anim (296) kabuuang respondent ay "0" ang prekwensi na hindi bachelor's degree gradweyt. May komitment ang mga guro sa Filipino ng Senior High School dahil inuuna at pinaangat nila ang kanilang mga akademikong kwalipikasyon na kitang-kita sa kabuluhang bilang na 142 ng mga respondent ang nagkaroon ng karagdagang *master's units* o mas angat pa. Patunay lamang na

malakas ang kultura ng mga guro sa pagpapaunlad ng propesyon sa larangan ng pagtuturo. Sa pag-aaral ni Valeroso (2021), marami ang mga gurong nagtuturo ng Filipino na hindi man gradwado sa kursong ito ay talagang ipinagpatuloy ang pag-aaral sa masteral at doctoral sapagkat naniniwala ang mga guro na napakahalaga ito na hindi lamang upang makakuha ng mataas na posisyon at sahod ay upang maipapamalas nila ang kanilang kakayahan para sa kalidad ng edukasyon.

**Talahanayan 3.**

*Mga Prekwensi at Porsiyento sa Kaligiran ng Trabaho Bago Nagturo ng Filipino sa Senior High School*

| | Prekwensi (f) | Porsiyento (%) |
|---|---|---|
| Nagtuturo sa Junior Hayskul | 186 | 62.838 |
| Nagtuturo sa Kolehiyo | 25 | 8.446 |
| Unang trabaho Ang pagtuturo sa Senyor Hayskul | 63 | 21.284 |
| Industriya at Pagawaan | 19 | 6.419 |
| Nagtuturo sa Elementarya | 3 | 1.014 |
| Total | 296 | 100.000 |

Nag-umapaw ang karamihang nagtuturo sa Junior High School na may 186 na nasa 62.84% ganitong lebel mula sa kabuuang dalawang daan siyamnapu't anim (296) na respondent. Binigyang-diin na karamihan ng mga guro sa Filipino ay may pundasyon sa karanasan sa lebel ng Junior High School na maaaring makatutulong sa pagpapatuloy at paglalantad sa sarili ng pagtuturo sa ganitong antas. Gayon pa man, kahit na unang lebel ito sa pagsabak nila sa pagtuturo ay kinakailangan pa rin ang pagkakaroon ng mga programang magpapaunlad at magpapalinang sa kanilang propesyon lalo na ang walang karanasan sa pagtuturo. Sa katunayan, nananawagan na ang *National Educators Academy of the Philippines* (NEAP) na matulungan ang mga gurong kulang sa mga katangian ng isang makabagong guro sa kultura ng makabagong edukasyon mula sa natuklasang *assessment* ng Kagawaran ng Edukasyon, DepEd Matatag Agenda, ang *"Give support to teachers to teach better".*

*4.2 Pananaw ng Guro sa Level ng Pansariling-Bisa*

**Talahanayan 4**

*Istatistikong Paglalarawan sa Level ng Pansariling Bisa ng mga Guro sa Filipino sa Salik ng Istratehiyang Pang- Instruksyonal*

| | *Valid* | *Missing* | *Mean* | *Std. Deviation* |
|---|---|---|---|---|
| 1. Sa gaanong sukat mo nagagamit ang ICT- Information & Communication Technology Sa pagtuturo ng Filipino? | 296 | 0 | 7.94 | 1.254 |
| 2. Sa gaanong sukat mo nabigyan ng alternatibong pagpapaliwanag o halimbawa ang mga mag-aaral na nalilito? | 296 | 0 | 7.74 | 1.202 |
| 3. Sa gaanong sukat mo nahihimok ang mga mag-aaral na gumamit ng kolaboratibong pagkatuto? | 296 | 0 | 7.77 | 1.031 |
| 4. Gaano mo kahusay naiimplementa ang mga alternatibong istratehiya sa iyong klasrum? | 296 | 0 | 7.48 | 0.985 |
| 5. Gaano mo kahusay natutugunan ang mahihirap na tanong ng iyong mga mag-aaaral? | 296 | 0 | 7.55 | 1.079 |
| 6. Gaano mo nagawa na naiiangkop ang mga paksa ayon sa lebel o antas ng bawat mag-aaral? | 296 | 0 | 7.59 | 1.076 |
| 7. Sa gaanong sukat mo nahihimok ang mga mag-aaral na gumamit ng malayang pagkatuto? | 296 | 0 | 7.67 | 1.055 |
| 8. Gaano mo kahusay nabigyan ng angkop na hamon ang bawat mag-aaral na may kakayahan? | 296 | 0 | 7.62 | 1.030 |

Malakas ang mga guro sa Filipino sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo, pinalaganap nito ang kolaboratibong pagkatuto ng mga mag-aaral, gayundin ang pagbigay ng agarang tugon sa mga pangangailangan ng mga mag- aaral sa pamamagitan ng mga alternatibong pagpapaliwanag, kakikitaan din ng paggamit ng

makabago at angkop na dulog sa pagtuturo gayundin ang paggamit ng kolaboratibong teknik para sa malayang pagkatuto upang mahamon ang kakayahan ng mga mag- aaral sa pagkatuto. Tugon pa ni Belvez (2000) na masining at epektibo lamang ang pagtuturo ng guro sa panahon ng makabagong edukasyon kung gumagamit siya ng mga istratehiya sa pagpapayaman sa mga kagamitang biswal, awdiyo-biswal at iba pang kasangkapang teknolohikal na angkop at lapat sa uri ng aralin, sa layunin at makabagong kaalaman na nais matamo at sa mga kasanayan at kakayahang ninanais na malilinang sa mga tinuturuang nasa henerasyon ng makabagong edukasyon lalo na nitong *digital era* ng pagtuturo-pagkatuto.

**Talahanayan 5**.
*Istatistikong Paglalarawan sa Level ng Pansariling-Bisa ng mga Guro sa Salik ng Pangangasiwa sa Klasrum*

| | Valid | Missing | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| 9. Gaano mo nagawa na makontrol ang mga di-kaiga-igayang pag-aasal sa loob ng klasrum? | 296 | 0 | 7.82 | 1.056 |
| 10. Gaano mo nagawa na makuha ang mga mag-aaral sa pagsunod ng mga panuntunan sa klasrum? | 296 | 0 | 7.89 | 0.994 |
| 11. Gaano mo nagawa na mapakalma ang isang mag-aaral na maiingay o maggulo sa klase? | 296 | 0 | 7.85 | 1.021 |
| 12. Gaano mo kahusay naitakda ang sistema ng pang klasrum na pangngasiwa sa bawat pangkat ng mga mag-aral? | 296 | 0 | 7.73 | 0.971 |
| 13. Gaano mo kahusay napanatili ang iilang problemadong mag-aaral na nakalikha ng gulo sa buong talakayan? | 296 | 0 | 7.46 | 1.137 |
| 14. Gaano mo kahusay natugunan ang mga matitigas na magaaral? | 296 | 0 | 7.44 | 1.149 |
| 15. Sa gaanong sukat nabigyang- linaw ang iyong inaasahan ukol sa inaasal ng mag-aaral? | 296 | 0 | 7.48 | 1.025 |
| 16. Gaano mo kahusay naitakda ang mga routine sa klase upang manatiling matiwasay ang pagpapatakbo ng mga aktibiti? | 296 | 0 | 7.81 | 1.011 |

Malakas ang pansariling bisa na ipinamalas ng mga guro sa Filipino sa kanilang pangangasiwa sa klasrum lalo na ang pagtaguyod ng mga panuntunan, pagpanatili ng kaayusan at pamamahala ng mga hadlang sa bawat klase sa loob ng klasrum. Gayunpaman, maaaring malaking pakinabang ang mga inaasahang suporta, kalinawan at pangangasiwa nitong mga inaasahang pagkikilos, gawi't saloobin at mga propesyonal na pangkaunlaran nitong mga mapanghamong mag-aaral. Napaloob dito ang mga istratehiyang may positibong inisyatibo sa pangangasiwa ng klasrum, pagpapadali ng mga teknik at paglalaan ng mga interbensyon sa bawat mag- aaral. Tugon pa nina O'Neil at Stephenson (2011) na ang pansariling-bisa ng mga guro sa salik ng pangangasiwa at pamamahala sa klase sa loob ng klasrum ay nasa katangian ng kakayahan ng mga guro ang pagpapanatili sa katiwasayan, disiplina at kontrol sa klase na siyang pinakasentrong larawan at pinakakailangang domeyn sa pagkakroon ng mabisang pagtuturo ng mga guro.

**Talahanayan 6**
*Istatistikong Paglalarawan sa Level ng Sariling Bisa ng mga Guro sa Salik ng Pakikipag-ugnayan sa mga Mag-aaral*

| | Valid | Missing | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| 17. Gaano mo nagawa na mapaniwala ang mga mag-aaral na kaya nilang gawin ang mga gawaing pampaaralan? | 296 | 0 | 7.95 | 1.011 |
| 18. Gaano mo nagawa na matulungan ang mga mag-aaral na kaya nilang gawin ang mga gawaing pampaaralan? | 296 | 0 | 7.89 | 1.001 |
| 19. Gaano mo nagawa na maganyak ang mga mag-aaral na may mababang interes sa pampaaralang gawain? | 296 | 0 | 7.66 | 1.029 |
| 20. Gaano mo nagawa na maging katuwang sa pamilya na matulungan ang kanilang mga anak sa paggawa nang mabuti sa paaralan? | 296 | 0 | 7.43 | 1.160 |

| | Valid | Missing | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| 21. Gaano mo nagawa na mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag- aaral na mahihina? | 296 | 0 | 7.51 | 0.995 |
| 22. Gaano mo nagawa na matulungan ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip? | 296 | 0 | 7.56 | 1.013 |
| 23. Gaano mo nagawa na malinang ang gawaing mag-aaral? | 296 | 0 | 7.70 | 1.040 |
| 24. Gaano mo nagawa na maagapan ang pinakamahirap na pangasiwaan na mga mag-aaral? | 296 | 0 | 7.38 | 1.061 |

Tanaw ng mga guro ang sarili na may kabisaan sa pakikitungo at interaksyon sa kanilang mga mag-aaral sa paglinang ng kumpiyansa sa sarili, pagbigay ng akademikong suporta, ang paglinang ng mabuting gawi sa pag-aaral ng kanilang mga leksyon. Napakahalaga ang paggamit ng mga makabagong istratehiya para magkaroon ng isang matibay na kolaborasyon sa pagitan ng tahanan at ng paaralan na isang malaking pakinabang na sinaklaw nito. Ayon pa ni Belvez (2000) ang pagbanggit niya sa kanyang aklat sa mga natuklasang pag-aaral nina Schumann, Moskowitz, Benevento at Foust, Moskowitz at Hayman na ang kaiga-igayang kaligirang sosyal sa loob ng klasrum ay mag-uudyok ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pagkatuto, tumutulong sa pagtatag ng mga positibong pagpapahalaga at magbubunga ng matagumpay at epektibong pagtuturo at pagkatuto.

**Talahanayan 7**.

*Istatistikong Paglalarawan sa Level ng Pansariling Bisa ng mga Guro sa Salik ng  Kabatiran sa Nilalaman*

| | Valid | Missing | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| 25. Sa gaanong sukat mo nakukuha ang nilalaman ng paksa batay sa itinakdang panahon o oras? | 296 | 0 | 7.39 | 1.066 |
| 26. Gaano mo kahusay ipinaliwanag ang nilalaman ng paksa na magiging kaaya-aya at madali ang pag-uunawa ng mga mag-aaral? | 296 | 0 | 7.58 | 1.064 |
| 27. Sa gaanong sukat mo nailalapat ang paksa sa ibang larangan ng buhay ng mga mag-aaral maliban sa buhay-paaralan at akademya? | 296 | 0 | 7.60 | 1.084 |
| 28. Gaano mo kahusay nailalahad ang mga paksa upang magamit ng mga mag-aaral ang isang mapanuri at malikhaing pag-iisip at iba pang matataas na kasanayan sa kaisipan? | 296 | 0 | 7.50 | 1.077 |
| 29. Sa gaanong sukat mo sinasariwa ang nilalaman ng iyong paksa sa bawat markahan / semester o kwarter upang ang bagong impormasyon at kaalaman ay naisasama? | 296 | 0 | 7.52 | 1.080 |
| 30. Gaano mo itinuturo ang aralin gamit ang mapanaliksik na kaalaman? | 296 | 0 | 7.51 | 1.022 |
| 31. Gaano mo isinaalang-alang ang mga pangangailangan kalakasan at interes ng iyong mga mag-aaral sa pagtuturo ng nilalaman ng iyong asignatura? | 296 | 0 | 7.59 | 1.044 |
| 32. Gaano mo pinagsusumikapang matulungan ang mga naiiwang mag-aaral dahilan sa palagiang pagliban sa klase at sa iba pang kadahilan/sirkumstansya upang maagapan ang tinalakay na aralin? | 296 | 0 | 7.55 | 1.088 |

Mataas ang lebel ng pansariling bisa ng mga guro sa kabatiran ng nilalaman na itinuturo. Lahat ng aytem ay nagpakita ng kalakasan sa kakayahan at kompitensi nila sa kanilang paksang itinuro at mga kasanayan sa pagtuturo. Ipinahiwatig sa iskor ng *mean*, may kumpiyansa ang mga guro sa kanilang abilidad na epektibong maiugnay ang nilalaman ng paksa sa paglinang ng pag-unawa at paglapat nito sa reyalidad ng buhay. Ayon pa ni Belvez (2000) na ang epektibong guro ay dapat may malawak na kabatiran sa paksang ituturo, kabatiran sa mga bagay-bagay sa kanyang pamayanan at kapaligiran, sa mga suliraning pangkabuhayan, panlipunan o pampolitika man sa loob at labas ng bansa. Hindi dapat mahiwalay sa sitwasyon at realidad ng buhay sa labas ng paaralan ang anumang araling itinuturo sa loob ng paaralan, wika pa niya.

**Talahanayan 8**.

*Istatistikong Paglalarawan sa Level ng Pansariling Bisng  mga Guro sa Salik ng Bisa sa Pagtataya*

| | Valid | Missing | Mean | Std. Deviation |
|---|---|---|---|---|
| 33. Gaano kadalas ang iyong pagmomonitor at pagtataya sa natatamong kalinangan at katagumpayan ng mga mag-aaral? | 296 | 0 | 7.81 | 1.041 |
| 34. Gaano mo binigyang fidbak ang iyong mga mag-aaral ukol sa kanilang performans sa klase upang lalo pang malinang ang kanilang pagkatuto? | 296 | 0 | 7.77 | 1.024 |
| 35. Gaano mo pinaglalaanan ng panahon at oras na makausap ang mga magulang at tagapagpangalaga (stakeholders) ukol sa mga pangangailangan, kalinangan at natatamong tagumpay ng kanilang mga anak? | 296 | 0 | 7.20 | 1.297 |
| 36. Gaano mo nagagamit ang mga datos ng pagtatasa (e.g class record, projects, assignments, etc.) upang mapaunlad ang mga kasanayan at programang pampagtuturo at pampagkatuto? | 296 | 0 | 8.01 | 1.049 |
| 37. Gaano kahusay ang pagbuo mo ng magagandang tanong para sa iyong mga mag-aaral? | 296 | 0 | 7.71 | 0.981 |
| 38. Gaano mo nasusukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa iyong itinuturo? | 296 | 0 | 7.74 | 0.925 |
| 39. Gaano kahusay ang pagbibigay mo ng mga organisadong istratehiya ng pagtatasa? | 296 | 0 | 7.56 | 1.023 |
| 40. Gaano mo nagagamit ang mga istratehiya sa pagtatasa? | 296 | 0 | 7.62 | 1.010 |

Ang lebel ng pansariling bisa ay nagpahiwatig ng pagkakaroon ng kalakasan ng kumpiyansa sa larangan ng mga aktibiti at pagtatasa sa pagtuturo dahil kapansin-pansin na lahat ng mga aytem ay nagpakita ng mataas na iskor ng *mean*, patunay lamang na mataas ang kakayahan ng mga guro sa pagmomonitor sa progreso ng pagkatuto ng mga mag-aaral, sa pagbigay ng fidbak at paggamit ng buo sa mga istratehiya sa pagpapahusay ng pagtuturo. Naniwala sina Heritage at Harrizon (2019) na ang pagtataya ay makapangyarihan sa pagpapalakas sa papel ng pagkatuto ng mga mag-aaral dahil hindi lamang ito tumutuon sa kakayahan ng mga guro pati na rin sa mga mag-aaral dahil pinasigla lalo ang aktibong partisipasyon nito at tiyak na masaya sila sa kanilang pagkatuto at mas may kontrol sa pagtamo ng kanilang edukasyon.

*4.3 Ang 4 na Modelong Salik sa Iskeyl ng Ohio State Teacher Efficcac Scale Gamit ang Principal Component Analysis*

**Talahanayan 9**

*Mga Katangian sa Komponent ng Ohio State Teacher Efficacy Scale*

| | **Unrotated solution** | | | **Rotated solution** | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | *Eigen value* | *Proportion var.* | *Cumulative* | *SumSq. Loading* | *Proportion var.* | *Cumulative* |
| *Komponent 1* | 24.264 | 0.592 | 0.592 | 12.458 | 0.304 | 0.304 |
| *Komponent 2* | 2.010 | 0.049 | 0.641 | 5.640 | 0.138 | 0.441 |
| *Komponent 3* | 1.403 | 0.034 | 0.675 | 5.236 | 0.128 | 0.569 |
| *Komponent 4* | 1.046 | 0.026 | 0.701 | 5.390 | 0.131 | 0.701 |

Kabuuan ng Kaiser-Meyer-Olkin (KMO) Test = 0.975, Bartlett’s test, $\chi^2$=12137.020, p<.001 Bilang ng mga nakilalang Komponent batay sa eigenvalues na above 1 gamit ang oblique promax rotation at ang base

decomposition ng correlation matrix at component loadings >0.45. Natuklasan ng *Principal Component Analysis*, ang pagkilala sa 4 na Komponent ng OSTES na sinasaklaw ang katatagan at kabisaan ng guro sa Filipino ng Senior High School. Ang mataas na balyu ng Kaiser-Meyer-Olkin (KMO Test=0.975) at ng estatistikong kabuluhan ng Bartlett's test ($\chi 2=12137.020$, $p<.001$) ay nagsasaad ng matibay na metodolohikal na suporta para sa relayabiliti at balidity ng analisis. Naghahamon ito sa pagkakaroon ng isang balangkas na siyang pundasyon sa pag-iinterpreta sa kabisaan ng guro at sa mga dimensyon na magpapaunlad ng kakayahang teoritikal at praktikal na intervensyon na ang hangarin ay maiangat ang epektibong pagtuturo.

**Talahanayan 10**

*Component Loadings ng Komponent 1- Kabatiran ng Nilalaman at Bisa sa Pagtataya*

| Mga Aytem ng Komponent 1 | Component Loading | Lokasyong Orihinal ng Aytem |
|---|---|---|
| 25. Sa gaanong sukat mo nakukuha ang nilalaman ng paksa batay sa itinakdang panahon o oras? | 0.581 | Salik 4. Kabatiran sa Nilalaman |
| 26. Gaano mo kahusay ipinaliwanag ang nilalaman ng paksa na magiging kaaya-aya at madali ang pag-uunawa ng mga mag-aaral? | 0.742 | Salik 4. Kabatiran sa Nilalaman |
| 27. Sa gaanong sukat mo nailalapat ang paksa sa ibang larangan ng buhay ng mga mag-aaral maliban sa buhay-paaralan at akademya? | 0.716 | Salik 4. Kabatiran sa Nilalamn |
| 28. Gaano mo kahusay nailalahad ang mga paksa upang magamit ng mga mag-aaral ang isang mapanuri at malikhaing pag-iisip at iba pang matataas na kasanayan sa kaisipan? | 0.717 | Salaik 4. Kabatiran sa Nilalaman |
| 29. Sa gaanong sukat mo sinasariwa ang nilalaman ng iyong paksa sa bawat markahan / semester o kwarter upang ang bagong impormasyon at kaalaman ay naisasama? | 0.849 | Salik 4. Kabatiran sa Nilalaman |
| 30. Gaano mo itinuturo ang aralin gamit ang mapanaliksik na kaalaman? | 0.750 | Salik 4. Kabatiran sa Nilalaman |
| 31. Gaano mo isinaalang-alang ang mga pangangailangan kalakasan at interes ng iyong mga mag-aaral sa pagtuturo ng nilalaman ng iyong asignatura? | 0.743 | Salik 4. Kabatiran sa Nilalaman |
| 32. Gaano mo pinagsusumikapang matulungan ang mga naiiwang mag-aaral dahilan sa palagiang pagliban sa klase at sa iba pang kadahilan/sirkumstansya upang maagapan ang tinalakay na aralin? | 0.776 | Salik 4. Kabatiran sa Nilalaman |
| 33. Gaano kadalas ang iyong pagmomonitor at pagtataya sa natatamong kalinangan at katagumpayan ng mga mag-aaral? | 0.858 | Salik 5. Bisa sa Pagtataya |
| 34. Gaano mo binigyang fidbak ang iyong mga mag-aaral ukol sa kanilang performans sa klase upang lalo pang malinang ang kanilang pagkatuto? | 0.839 | Salik 5. Bisa sa Pagtataya |
| 35. Gaano mo pinaglalaanan ng panahon at oras na makausap ang mga magulang at tagapagpangalaga (stakeholders) ukol sa mga pangangailangan, kalinangan at natatamong tagumpay ng kanilang mga anak? | 0.692 | Salik 5. Bisa sa Pagtataya |
| 36. Gaano mo nagagamit ang mga datos ng pagtatasa (e.g class record, projects, assignments, etc.) upang mapaunlad ang mga kasanayan at programang pampagtuturo at pampagkatuto? | 0.743 | Salik 5. Bisa sa Pagtataya |
| 37. Gaano kahusay ang pagbuo mo ng magagandang tanong para sa iyong mga mag-aaral? | 0.821 | Salik 5. Bisa sa Pagtataya |
| 38. Gaano mo nasusukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa iyong itinuturo? | 0.902 | Salik 5. Bisa sa Pagtataya |
| 39. Gaano kahusay ang pagbibigay mo ng mga organisadong istratehiya ng pagtatasa? | 0.872 | Salik 5.Bisa sa Pagtataya |
| 40. Gaano mo nagagamit ang mga istratehiya sa pagtatasa? | 0.840 | Salik 5. Bisa Sa Pagtataya |

May matibay na integrasyon ng mga kompetensi ang kaugnayan ng kabatiran ng nilalaman at bisa sa pagtataya. Ang pagtaas ng loadings ng bawat aytem ay nagpahiwatig sa pagsasama at pamumuong teoryang pinagmulan ng konstrak. Ang mga aytem sa pakikipag-ugnayan ng mga stakeholder gaya ng mga magulang at mga tagapangalaga attagapagbantay ng mga anak nila na may loadings na 0.692 ay lalong lumalawak ang saklaw ng komponent at tumitindi ang kahalagahan sa tungkulin ng kolaboratibong puwersa sa prosesong edukasyonal. Maraming emperikal na pag-aaral ang natuklasang hindi maaaring paghiwalayin ang pansariling-bisa ng guro sa kanyang kaalaman sa paksa at kakayahan niya sa pagtataya. Pinatunayan ito nina Wang et al. (2022) sa kanilang ginawang pag-aaral kung paano nakakaapekto ang assessment literacy ng guro sa kanyang pagtuturo. Natuklasan nilang malakas ang positibong korelasyon ng dalawa: kung mataas ang literasi ng guro sa pagtatasa ay mataas din ang kompetensi niya sa bisa ng kanyang pagtuturo.

**Talahanayan 11**

*Component Loadings ng Komponent 2- Pakikipag-ugnayan Sa Mag-aaral*

| Mga Aytem ng Komponent 2 | Component Loading | Orihinal na Lokasyon ng Aytem |
|---|---|---|
| 17. Gaano mo nagawa na mapaniwala ang mga mag-aaral na kaya nilang gawin ang mga gawaing pampaaralan? | 0.774 | Salik 3. Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral |
| 18. Gaano mo nagawa na matulungan ang mga mag-aaral na kaya nilang gawin ang mga gawaing pampaaralan? | 0.732 | Salik 3. Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral |
| 19. Gaano mo nagawa na maganyak ang mga mag-aaral na may mababang interes sa pampaaralang gawain? | 0.730 | Salik 3. Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral |
| 20. Gaano mo nagawa na maging katuwang sa pamilya na matulungan ang kanilang mga anak sa paggawa nang mabuti sa paaralan? | 0.929 | Salik 3. Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral |
| 21. Gaano mo nagawa na mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag- aaral na mahihina? | 0.642 | Salik 3. Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral |
| 22. Gaano mo nagawa na matulungan ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip? | 0.539 | Salik 3. Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral |
| 23. Gaano mo nagawa na malinang ang gawaing mag-aaral? | 0.606 | Salik 3. Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral |

Pinatunayan ng mga guro ang kanilang kakayahan sa pagkaroon ng kumpiyansa sa sarili, mapangalagaan ang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral at ang paglikha ng kapaligiran sa klasrum na nagsusuporta sa mga magkaiba-ibang pangangailangan ng mag-aaral. Ipinahayag ang mataas na *loadings* at ang pagkahanay ng mga aytem na hinugot mula sa OSTES ang mga kinailangang aspeto ng interaksyon sa pagitan ng mag-aaral at ng guro na siyang pangunahing salik sa konteksto ng asignaturang Filipino sa Senior High School. Binanggit nina Villafuerte at Bernales (2008) na sa pag-aaral nina Wayne at Youngs (2003) ay natuklasan nila na ang epektibong guro ay may kakayahang ipadama sa mga mag-aaral na sila ay kabilang sa klase; na ang kanilang guro ay kapamilya na tumatayong pangalawang magulang na umaakay sa kanilang pagkatuto; nangangamusta, nagtatanong at nagpapakita ng kasiyahan lalo na ang paghahanda ng mga aktibiting nakapagbubuo ng pagkakaisa at mabuting samahan sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Ayon pa nila, ang mahusay na guro ay mabilis makaisip ng mga paraan sa loob ng klase na maiiwasan ang hinanakitan ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 12**.

*Component Loadings ng Komponent 3-Pangangasiwa sa Klasrum*

| Mga Aytem ng Komponent 3 | Component Loading | Orihinal na Lokasyon ng Aytem |
|---|---|---|
| 9. Gaano mo nagawa na makontrol ang mga di- kaiga-igayang pag-aasal sa loob ng klasrum? | 0.819 | Salik 2. Pangangasiwa sa Klasrum |
| 10. Gaano mo nagawa na makuha ang mga mag-aaral sa pagsunod ng mga panuntunan sa klasrum? | 0.674 | Salik 2. Pangangasiwa sa Klasrum |
| 11. Gaano mo nagawa na mapakalma ang isang mag-aaral na maiingay o maggulo sa klase? | 0.928 | Salik2. Pangangasiwa sa Klasrum |
| 12. Gaano mo kahusay naitakda ang sistema ng pang klasrum na pangngasiwa sa bawat pangkat ng mga mag-aral? | 0.656 | Salik 2. Pangangasiwa sa Klasrum |
| 13. Gaano mo kahusay napanatili ang iilang problemadong mag-aaral na nakalikha ng gulo sa buong talakayan? | 0.819 | Salik2. Pangangasiwa sa Klasrum |
| 14. Gaano mo kahusay natugunan ang mga matitigas na magaaral? | 0.799 | Salik 2. Pangangasiwa sa Klasrum |
| 15. Sa gaanong sukat nabigyang- linaw ang iyong inaasahan ukol sa inaasal ng mag-aaral? | 0.578 | Salik 2. Pangangasiwa sa Klasrum |

Masaklaw ang likas ng mabisang pangangasiwa ng klasrum ng mga guro. Sinaklawan nito ang kakayahan sa pagbibigay tugon sa mga nakakagimbalang pag-uugali ng mga mag-aaral sa klase, pag-iimplementa nang maayos na mga sistema at pangangalaga sa isang disiplinadong kapaligiran ng pagkatuto sa klasrum. Ang mga aksyon at reaksyon ng guro tungo sa mga mag-aaral ay nagsisilbing sosyal na konteksto sa pagiging epektibo niya sa pangangasiwa sa klasrum. Ang pagkakaroon ng episyenteng galaw at mga gawain sa loob ng klasrum ay magbubunga ng mga pag-unawa at kapaki-pakinabang na karanasan sa pagkatuto ng mga tinuturuan. Ayon pa ni Belvez (2000), nalilinang ang kaligirang sosyal ng mga mag-aaral kung aktibo ang pamamahala ng guro sa kanyang klase at naipapamalas din niya ang aktibong partisipasyon, pakikihalubilo at pakikilahok ng kapwa mga

mag-aaral.

**Talahanayan 13.**

*Component Loadings ng Komponent 4- Istratehiyang Pang-Instruksyonal*

| Mga Aytem ng Komponent 4 | Component Loading | Orihinal na Lokasyon ng Aytem |
|---|---|---|
| 1. Sa gaanong sukat mo nagagamit ang ICT- Information & Communication Technology Sa pagtuturo ng Filipino? | 0.557 | Salik 1. Estratehiyang Pang-instruksyonal |
| 2. Sa gaanong sukat mo nabigyan ng alternatibong pagpapaliwanag o halimbawa ang mga mag-aaral na nalilito? | 0.740 | Salik 1.Estrratehiyang Pang-instruksyonal |
| 3. Sa gaanong sukat mo nahihimok ang mga mag-aaral na gumamit ng kolaboratibong pagkatuto? | 0.780 | Salik 1. Estratehiyang Pang-instruksyonal |
| 4. Gaano mo kahusay naiimplementa ang mga alternatibong istratehiya sa iyong klasrum? | 0.856 | Salik 1. Estratehiyang Pang-instruksyonal |
| 5. Gaano mo kahusay natutugunan ang mahihirap na tanong ng iyong mga mag-aaaral? | 0.664 | Salik 1. Estratehiyang Pang-instruksyonal |
| 6. Gaano mo nagawa na naiiangkop ang mga paksa ayon sa lebel o antas ng bawat mag-aaral? | 0.725 | Salik 1. Estratehiyang Pang-instruksyonal |
| 7. Sa gaanong sukat mo nahihimok ang mga mag-aaral na gumamit ng malayang pagkatuto? | 0.635 | Salik1. Estratehiyang Pang-instruksyonal |
| 8. Gaano mo kahusay nabigyan ng angkop na hamon ang bawat mag-aaral na may kakayahan? | 0.532 | Salik 1. Estratehiyang Pang-instruksyonal |

Likas na masaklaw rin ang instruksyonal na istratehiya ng mga guro. Isang kritikal na tungkulin ito sa pagpapamalas ng isang ingklusibo at nakakaganyak na kalikasan sa pagkatuto at pagbibigay ng mga mahahalagang kaalaman sa mga programang pampropesyonal na kaunlaran sa layuning maiangat ang kabisaan ng pagtuturo. Ang kultural at kontekstwal na integrasyon sa makabuluhang pagsasanay ay potensyal na magagamit sa edukasyonal na arena ng bansa. Sa pagpaplano ng aralin, nararapat may pagsasaalang-alang ng mga estratehiyang gagamitin na babagay sa aralin upang maiwasan ang pagkabagot na talakayan. Naniniwala sina Villafuerte at Bernales (2008) na laging nakakapit ang sining sa pagtuturo kung inobatibo at may mga katangiang tangan ang angkop na kompetensi ng isang makabagong guro para sa makabagong edukasyon at nararapat ding may sapat na kahandaan siya sa pagharap sa klase sa paglikha ng isang makabayan, mapagpalaya at siyentifikong pagtuturo gamit ang napapanahon at inobatibong pagtuturo at nailantad niya ang isang malikhaing paraan sa pagpapaunawa ng mga mag-aaral upang ang pagtuturo at pagkatuto ay magiging masaya, mabunga at mahalaga (Villanueva, 2018).

**Talahanayan 14**

*Ang Pagkakaugnay-ugnay ng mga Komponent*

| | Komponent 1 | Komponent 2 | Komponent 3 | Komponent 4 |
|---|---|---|---|---|
| Kabatiran sa Nilalaman at Bisa sa Pagtataya (1) | -do- | -do- | -do | -do- |
| Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral (2) | 0.764 | -do- | -do- | -do- |
| Pangangasiwa sa Klasrum (3) | 0.682 | 0.719 | -do- | -do- |
| Estratehiyang Pang-Instruksyonal (4) | 0.700 | 0.691 | 0.648 | -do- |

Ang ugnayan ng mga komponent ay nagpapakita ng malakas at positibong relasyon, ang binabantayang *construct* ay malayang nagtutulungan. May pagkakaugnay-ugnay ang mga komponent na ipinapahayag. Inilalatag

nito ang pinagsamang balangkas sa kabisaan ng guro sa larangan ng Kabatiran sa Nilalaman at Bisa sa Pagtataya, Pakikipag-ugnayan sa mga Mag-aaral, Pangangasiwa sa Klasrum at mga Istratehiyang Pang- Instruksyonal. Ang mga ito ay mga magkakabit na dimensyon at magkasamang nakapag-ambag sa epektibong pagtuturo ng mga guro sa Filipino sa kultura ng edukasyon ng Pilipinas. Tulad ng pag-aaral nina Brodesky at Zweig (n.d) na *moderately correlated* ang 3 magkaugnay na salik---ang bisa sa pakikipag-ugnayan sa mag-aaral, bisa sa mga instruksyonal at estratehiya at bisa sa pangangasiwa sa klasrum. Ang pag-aaral nila at sa mananaliksik ay kapwa gumamit ng sikometrikang katangian ng istatistiko sa iskeyl ng *self-efficacy* ng guro sa propesyong pangguro.

*4.4 Ang Kabuluhan ng Estruktura sa Alternatibong Salik*

**Talahanayan 15.**

*Ang Second-Order sa mga Loading ng Salik*

*(Tala: nanatili ang mga terminong estatistikang Ingles para sa katatagan ng pagpapakahulugan ng talahanayan)*

| | | | | | | 95% Confidence Interval | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Salik | Indikeytor | Pagtantiya | Std. Error | z-value | p | Mas Mababa | Itaas |
| SecondOrder | Factor 1. | 2.181 | 0.188 | 11.606 | < .001 | 1.813 | 2.550 |
| | Factor 2 | 3.226 | 0.427 | 7.557 | < .001 | 2.390 | 4.063 |
| | Factor 3 | 1.968 | 0.185 | 10.616 | < .001 | 1.605 | 2.332 |
| | Factor 4 | 2.342 | 0.246 | 9.507 | < .001 | 1.859 | 2.825 |

Ang maiksing *confidence interval* ng lahat ng mga salik ay nagpakita ng katumpakan sa mga pagtatantiya. Binigyang punto nito ang katatagan ng kaugnayan sa pagitan ng *construct* na nasa *second-order* at ang mga salik na nasa *first- order.* Natuklasang balido ang kaantasan ng estruktura ng OSTES at kinumpirma nito na ang kabisaan ng guro bilang *construct* sa *second-order* ay masaklaw at naiimpluwensiyahan ng mga dimensyong makritikal kasama na ang pangangasiwa sa klasrum, mga estratehiyang pang-instruksyonal, pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral at ang kolaborasyon sa mga pamilya ng mga mag- aaral. Binigyang-diin nito ang kahalagahan sa paggamit ng minomodipikang OSTES sa paglalaan ng isang matatag na pondasyon sa paggamit nito sa larangan ng pananaliksik at paglalapat.

**Talahanayan 16**

Mga *Parametrong Pagtatantiya* ng mga Aytem Patungo sa *Bagong Lokasyon ng Salik*

| | | | | | | 95% Confidence Interval | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Salik | Indikeytor | Pagtantiya | Std. Error | z-value | p | Mas Mababa | Taas |
| Salik 1 | | | | | | | |
| | 25. Sa gaanong sukat mo nakukuha ang nilalaman ng paksa batay sa itinakdang panahon o oras? | 0.338 | 0.027 | 12.425 | < .001 | 0.285 | 0.391 |
| | 26. Gaano mo kahusay ipinaliwanag ang nilalaman ng paksa na magiging kaaya-aya at madali ang pag-uunawa ng mga mag-aaral? | 0.370 | 0.028 | 13.427 | < .001 | 0.316 | 0.424 |
| | 27. Sa gaanong sukat mo nailalapat ang paksa sa ibang larangan ng buhay ng mga mag-aaral maliban sa buhay-paaralan at akademya? | 0.372 | 0.028 | 13.285 | < .001 | 0.317 | 0.427 |
| | 28. Gaano mo kahusay nailalahad ang mga paksa upang magamit ng mga mag-aaral ang isang mapanuri at malikhaing pag-iisip at iba pang matataas na kasanayan sa kaisipan? | 0.387 | 0.028 | 13.839 | < .001 | 0.332 | 0.442 |
| | 29. Sa gaanong sukat mo sinasariwa ang nilalaman ng iyong paksa sa bawat markahan / semester o kwarter upang ang bagong impormasyon at kaalaman ay naisasama? | 0.368 | 0.028 | 13.143 | < .001 | 0.313 | 0.423 |
| | 30. Gaano mo itinuturo ang aralin gamit ang mapanaliksik na kaalaman? | 0.351 | 0.026 | 13.278 | < .001 | 0.299 | 0.403 |
| | 31. Gaano mo isinaalang-alang ang mga pangangailangan kalakasan at interes ng iyong mga mag-aaral sa pagtuturo ng nilalaman ng iyong asignatura? | 0.372 | 0.027 | 13.713 | < .001 | 0.319 | 0.425 |
| | 32. Gaano mo pinagsusumikapang matulungan ang mga naiiwang | 0.364 | 0.028 | 12.990 | < .001 | 0.309 | 0.419 |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| mag-aaral dahilan sa palagiang pagliban sa klase at sa iba pang kadahilan/sirkumstansya upang maagapan ang tinalakay na aralin? | | | | | | |
| 33. Gaano kadalas ang iyong pagmomonitor at pagtataya sa natatamong kalinangan at katagumpayan ng mga mag-aaral? | 0.365 | 0.027 | 13.475 | < .001 | 0.312 | 0.418 |
| 34. Gaano mo binigyang fidbak ang iyong mga mag-aaral ukol sa kanilang performans sa klase upang lalo pang malinang ang kanilang pagkatuto? | 0.346 | 0.027 | 13.060 | < .001 | 0.294 | 0.398 |
| 35. Gaano mo pinaglalaanan ng panahon at oras na makausap ang mga magulang at tagapagpangalaga (stakeholders) ukol sa mga pangangailangan, kalinangan at natatamong tagumpay ng kanilang mga anak? | 0.346 | 0.033 | 10.565 | < .001 | 0.282 | 0.410 |
| 36. Gaano mo nagagamit ang mga datos ng pagtatasa (e.g class record, projects, assignments, etc.) upang mapaunlad ang mga kasanayan at programang pampagtuturo at pampagkatuto? | 0.315 | 0.027 | 11.744 | < .001 | 0.262 | 0.367 |
| 37. Gaano kahusay ang pagbuo mo ng magagandang tanong para sa iyong mga mag-aaral? | 0.353 | 0.026 | 13.787 | < .001 | 0.303 | 0.403 |
| 38. Gaano mo nasusukat ang pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa iyong itinuturo? | 0.323 | 0.024 | 13.383 | < .001 | 0.275 | 0.370 |
| 39. Gaano kahusay ang pagbibigay mo ng mga organisadong istratehiya ng pagtatasa? | 0.372 | 0.027 | 13.911 | < .001 | 0.320 | 0.425 |
| 40. Gaano mo nagagamit ang mga istratehiya sa pagtatasa? | 0.361 | 0.026 | 13.696 | < .001 | 0.309 | 0.412 |
| Salik 2 | | | | | | |
| 17. Gaano mo nagawa na mapaniwala ang mga mag-aaral na kaya nilang gawin ang mga gawaing pampaaralan? | 0.238 | 0.032 | 7.465 | < .001 | 0.175 | 0.300 |
| 18. Gaano mo nagawa na matulungan ang mga mag-aaral na kaya nilang gawin ang mga gawaing pampaaralan? | 0.239 | 0.032 | 7.503 | < .001 | 0.176 | 0.301 |
| 19. Gaano mo nagawa na maganyak ang mga mag-aaral na may mababang interes sa pampaaralang gawain? | 0.242 | 0.032 | 7.505 | < .001 | 0.179 | 0.305 |
| 20. Gaano mo nagawa na maging katuwang sa pamilya na matulungan ang kanilang mga anak sa paggawa nang mabuti sa paaralan? | 0.228 | 0.032 | 7.042 | < .001 | 0.165 | 0.291 |
| 21. Gaano mo nagawa na mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral na mahihina? | 0.238 | 0.031 | 7.562 | < .001 | 0.176 | 0.300 |
| 22. Gaano mo nagawa na matulungan ang mga mag-aaral sa pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip? | 0.240 | 0.032 | 7.591 | < .001 | 0.178 | 0.301 |
| 23. Gaano mo nagawa na malinang ang gawaing mag-aaral? | 0.256 | 0.033 | 7.649 | < .001 | 0.190 | 0.321 |
| Salik 3 | | | | | | |
| 10. Gaano mo nagawa na makuha ang mga mag-aaral sa pagsunod ng mga panuntunan sa klasrum? | 0.408 | 0.029 | 13.873 | < .001 | 0.351 | 0.466 |
| 11. Gaano mo nagawa na mapakalma ang isang mag-aaral na maiingay o maggulo sa klase? | 0.405 | 0.031 | 13.105 | < .001 | 0.344 | 0.465 |
| 12. Gaano mo kahusay naitakda ang sistema ng pang klasrum na pangngasiwa sa bawat pangkat ng mga mag-aral? | 0.383 | 0.029 | 13.353 | < .001 | 0.326 | 0.439 |
| 13. Gaano mo kahusay napanatili ang iilang problemadong mag-aaral na nakalikha ng gulo sa buong talakayan? | 0.444 | 0.034 | 13.072 | < .001 | 0.377 | 0.510 |
| 14. Gaano mo kahusay natugunan ang mga matitigas na magaaral? | 0.433 | 0.034 | 12.684 | < .001 | 0.366 | 0.499 |
| 15. Sa gaanong sukat nabigyang- linaw ang iyong inaasahan ukol sa inaasal ng mag-aaral? | 0.411 | 0.030 | 13.765 | < .001 | 0.352 | 0.469 |
| 9. Gaano mo nagawa na makontrol ang mga di- kaiga-igayang pag-aasal sa loob ng klasrum? | 0.414 | 0.032 | 13.068 | < .001 | 0.352 | 0.476 |
| Salik 4 | | | | | | |
| 1. Sa gaanong sukat mo nagagamit ang ICT- Information & Communication Technology Sa pagtuturo ng Filipino? | 0.234 | 0.034 | 6.875 | < .001 | 0.167 | 0.301 |
| 2. Sa gaanong sukat mo nabigyan ng alternatibong pagpapaliwanag o halimbawa ang mga mag-aaral na nalilito? | 0.360 | 0.035 | 10.369 | < .001 | 0.292 | 0.428 |
| 3. Sa gaanong sukat mo nahihimok ang mga mag-aaral na gumamit ng kolaboratibong pagkatuto? | 0.325 | 0.030 | 10.751 | < .001 | 0.266 | 0.384 |
| 4. Gaano mo kahusay naiimplementa ang mga alternatibong istratehiya sa iyong klasrum? | 0.339 | 0.030 | 11.380 | < .001 | 0.281 | 0.398 |
| 5. Gaano mo kahusay natutugunan ang mahihirap na tanong ng iyong mga mag-aaaral? | 0.379 | 0.032 | 11.766 | < .001 | 0.316 | 0.443 |
| 6. Gaano mo nagawa na naiiangkop ang mga paksa ayon sa lebel o antas ng bawat mag-aaral? | 0.388 | 0.033 | 11.907 | < .001 | 0.324 | 0.452 |
| 7. Sa gaanong sukat mo nahihimok ang mga mag-aaral na gumamit ng malayang pagkatuto? | 0.372 | 0.032 | 11.802 | < .001 | 0.310 | 0.434 |
| 8. Gaano mo kahusay nabigyan ng angkop na hamon ang bawat mag-aaral na may kakayahan? | 0.373 | 0.031 | 12.180 | < .001 | 0.313 | 0.433 |

Kinompirma ng mga resulta ang estruktura ng mga nakatagong *construct* na ang lahat ng aytem ay

makabuluhang ay nag-ambagan sa kani-kanilang mga salik. Ang Kabatiran sa Nilalaman at Bisa sa Pagtataya (Salik1) at ang Pangangasiwa sa Klasrum (Salik 3) ay nagpapakita ng tiyak na katatagan ng aytem-salik na ugnayan at relasyon o tinatawag na *item-factor relationships.* Binigyang diin nito ang mga kakayahan at kompitensi na nakatuon at may pokus sa pedagohikal at pamamahala sa klasrum sa edukasyonal na pagbabalangkas. Ang Pakikipag-ugnayan sa Mag-aaral (Salik 2) at ang Estratehiyang Pang-Instruksyonal (Salik 4) sa pagiging makabuluhan nito ay ipinahayag pa rin ang mga larangang nagpalinang sa mga istratehiyang motibasyonal at teknolohikal. Lalong pinagtittibay ang kalikasan ng multi-dimensyonal ng epektibong kasanayan sa pagtuturo na balido sa pamamagitan ng mahigpit at malupit na paggamit ng *confirmatory factor analysis.* Patunay lamang na malakas at matibay ang estruktura ng mga salik ng pansariling-bisa ng mga guro para sa pagbuo ng panibagong iskeyl nitong makabagong edukasyon ng bansa.

*4.5 Antas ng Relayabiliti at Validiti ng Estruktura ng Nobel na Salik*

**Talahanayan 17**.

*Mga indeks ng Validiti at Relayabiliti*

*(Tala: nanatili ang mga terminong istatistikang Ingles para sa katatagan ng pagpapakahulugan ng talahanayan)*

| | Reference Values | Computed Value | Remarks |
|---|---|---|---|
| *Absolute Fit Measures* | | | |
| Root Mean Squared Error of Approximation (RMSEA) | 0.00-0.08 | 0.066 | Acceptable Fit |
| Standardized Root Mean Square Residual (SRMR) | 0.00-0.08 | 0.036 | Acceptable Fit |
| *Incremental Fit Index* | | | |
| Comparative Fit Index (CFI) | ≥0.90 | 0.919 | Acceptable Fit |
| Tucker-Lewis Index (TLI) | ≥0.90 | 0.914 | Acceptable Fit |
| Normed Fit Index (NFI) | ≥0.90 | 0.866 | Below Acceptable Fit |
| *Parsimony Fit Index* | | | |
| Goodness of Fit Index (GFI) | ≥0.90 | 0.961 | Parsimonious |
| Parsimony Normed Fit Index (PNFI) | ≥0.50 | 0.866 | Parsimonious |
| *Reliability Index* | | | |
| Over all McDonald's ω | ≥0.70 | 0.985 | Highly Reliable |
| Komponent 1 | ≥0.70 | 0.973 | Highly Reliable |
| Komponent 2 | ≥0.70 | 0.933 | Highly Reliable |
| Komponent 3 | ≥0.70 | 0.934 | Highly Reliable |
| Komponent 4 | ≥0.70 | 0.899 | Highly Reliable |
| Second Order | ≥0.70 | 0.928 | Highly Reliable |

Ang mga resulta ng *Comparative Fit Index* (CFI) ay nagbigay ng mapanghimok na ebidensya para sa baliditi at relayabiliti ng OSTES mula sa mga guro sa Filipino na nagtuturo sa Senior High School. Ang mga katanggap-tanggap na mga sinusukat ng *absolute fit*, ang matitibay na mga indeks ng ingkremental at parsimonyang *fit* at ang pambihirang taas ng relayabiliti ng mga indeks na ito kung pinagsama-sama ay nagpahiwatig na ang iskeyl ay relayabol at angkop na instrumento at kasangkapan sa pagtatasa sa pansariling-bisa ng guro.

## 5. Konklusyon at Rekomendasyon

Ang nabuong makabagong metriks ng pagtatasa na tumutuon sa pansariling-bisa ng guro ay naglalaman ng mga salik ng OSTES at mga aytem na batay sa domeyn at kompetensi mula sa mga layunin at tunguhin ng PPST sa kasalukuyang estado ng edukasyon ng bansa. Mataas ang kabisaan nito sa pagtatasa ng pansariling-bisa sa panggurong propesyon dahil pinapatunayan ng metodong *Principal Component Analysis at ng Confirmatory Factor Analysis*, pati na ang resulta ng *Comparative Fit Index* (CFI) na nagbigay ng mapanghimok na ebidensya para sa baliditi at relayabiliti ng OSTES at mga idinagdag na mga salik ng instrumento na pinagbatayan naman ang PPST .Ang mga katanggap-tanggap na sinusukat ng *absolute fit*, ang matitibay na mga indeks ng ingkremental at parsimonyang *fit* at ang pambihirang taas ng relayabiliti ng mga indeks na pinagsama-sama ay nagpapahiwatig na ang panibagong iskeyl ng pagtatasa ng pag-aaral ay may mataas na *construct validity* na napakaangkop gamiting instrumento sa pagtatasa sa pansariling-bisa ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa

Senior High School ng bansa ay malakas na inirekomenda ng mananaliksik.

***Pagkilala –*** Isang karangalan ng mananaliksik na gamitin ang instrumentong Ohio State Teacher Efficacy Scale (OSTES) nina Moran at Hoy (2001) na bunga ng kanilang pag-aaral na siyang teorya at kasangkapang gabay para ipagpatuloy tuklasin ang kabisaan ng iskeyl sa pansariling-bisa ng guro ayon na rin sa rekomendasyon nila na tinugunan naman ng mananaliksik.

## 6. Sanggunian


Airasian, P. W. (1996). *Assessment in the classroom*. McGraw-Hill.amazon.com+2books.google.com+2goodreads.com+2

Ashton, P. T., & Webb, R. B. (1986). *Making a difference: Teachers' sense of efficacy and student achievement.* New York: Longman.

Bandura, A. (1986). *Social foundations of thought and action: A social cognitive theory*. Prentice-Hall.

Bandura, A. (1997). Self-efficacy: *The exercise of control.* W.H. Freeman and Company.

Belvez, P. M. (2000). *Ang guro bilang buhay na bayani ng bayan*. Rex Book Store.opac.jhcsc.edu.ph

Belvez, P. M. (2000). *Ang sining at agham ng pagtuturo: Aklat sa pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino at sa Filipino* (1st ed.). Rex Book Store, Inc.

Bituin, A. C., & Dacanay, A. G. (2021). *Development and validation of efficacy scale for teachers*. The Normal Lights, 15(1), 166–198.

Boholano, H. B., Pacańa, G. B., Jamon, B. V., Lavega, M. L., Bacaltos, R. N., & Sanico, F. L (2019). *The teaching profession*. Mutya Publishing House, Inc.

Broadhead, P. (1987). *A blueprint for the good teacher?* The HMI/DES model of good primary practice. British Journal of Educational Studies, 35(1), 57–71. https://doi.org/10.1080/00071005.1987.9973751

Brodesky, A., & Zweig, J. (n.d.). *Teacher self-efficacy scale. Education Development Center*. https://mpm.wested.org/measure/teachers-sense-of-self-efficacy-scale/

Cambridge University Press. (2008). *Profile*. Sa Cambridge Learner's Dictionary (ika-4 na ed.). Cambridge University Press.

Canasa, C. M. (2013). *Mga lapit sa pagtuturo at mga katangian ng mga guro tungo sa pagkatuto ng asignaturang Filipino* [Disertasyon, Cebu Normal University]. Cebu Normal University Library.

Corpuz, B. B., & Cuartel, I. E. (2021). *Assessment in learning 2: Authentic assessment—OBE & PPST-based* (3rd ed.). Lorimar Publishing, Inc.

Director of the National Educators Academy of the Philippines. (2023). Panawagan ukol sa mga guro na walang pormal na pagsasanay. *National Educators Academy of the Philippines.*

Emmer, E. T., & Hickman, J. (1991). *Teacher efficacy in classroom management and discipline. Educational and Psychological Measurement,* 51(3), 755–765. https://doi.org/10.1177/0013164491513027

Fulton, J. (2018, Enero 10). *The teacher's guide to student engagement in the classroom.* Classcraft. https://www.classcraft.com/blog/features/student-engagement- guide

Gibson, S., & Dembo, M. H. (1984). *Teacher efficacy: A construct validation*. Journal of Educational Psychology, 76(4), 569–582.

Gonzalez, A. (2004). *Language and science education: Cross currents.* The Philippine Journal of Education, 82(1), 1–10.

Heritage, M., & Harrison, C. (2019). *The power of assessment for learning: Twenty years of research and practice in UK and US classrooms.* SAGE Publications.sagepub.com+6waterstones.com+6kclpure.kcl.ac.uk+6

Hoy, A. W., & Hoy, W. K. (2001). *Teacher efficacy: Capturing an elusive construct*. Teaching and Teacher Education, 17(7), 783–805. https://doi.org/10.1016/S0742-051X(01)00036-1

Inocian, R. B. (2010). *Fundamentals of teaching: Basic text in principles of teaching 1* (1st ed.). R2L2 Bookpage Publishing Center.

Inocian, R. B. (2018). *Aesthetic teaching pedagogies: A voice of experience*. Cambridge Scholars Publishing.

International Development Research Centre. (1979). *Teacher effectiveness in developing countries: A review of*

*research.* Ottawa, Canada: Author.
Kizlik, B. (2012). *Measurement, assessment, and evaluation in education*. Robert Kizlik and Associates. Retrieved from http://www.adprima.com/measurement.htmacademia.edu+2sciepub.com+2
Mendoza, L. E. (2018, Agosto 26). *Standards as bases for teacher's performance*. SunStar Davao. https://www.sunstar.com.ph/article/1760021/davao/opinion/mendoza-standards-as-bases-for-teachers-performance
Montemayor, M. T. (2018, Nobyembre 18). *DepEd to teach Korean only as 'elective subject' in 2019*. Philippine News Agency. https://www.pna.gov.ph/articles/1054202
O'Neil, S. C., & Stephenson, J. (2011). *The measurement of classroom management self-efficacy: A review of measurement instrument development and influences*. Educational Psychology, 31(3), 261–299. https://doi.org/10.1080/01443410.2010.545344
Oriondo, L. L., & Dallo-Antonio, E. M. (1984). *Evaluating educational outcomes: Tests, measurement, and evaluation*. Rex Book Store.
Professional Regulation Commission. (2019). *Code of Ethics for Professional Teachers.*
Republic of the Philippines. (2001). Republic Act No. 9155: *An Act Instituting a Framework of Governance for Basic Education, Establishing Authority and Accountability, Renaming the Department of Education, Culture and Sports as the Department of Education, and for Other Purposes.*
Reyes, F. C. (2002). *Unveiling teaching expertise: A showcase of sixty-nine outstanding teachers in the Philippines*. De La Salle University Press.animorepository.dlsu.edu.ph+4openlibrary.org+4academia.edu+4
Schulte, P. L. (1996). *A definition of constructivism*. Science Scope, 20(3), 25–27. https://www.jstor.org/stable/43179597sites.miamioh.edu
Schwarzer, R., Schmitz, G. S., & Daytner, G. T. (1999). *Teacher self-efficacy scale*. Retrieved from https://userpage.fu-berlin.de/~health/teacher_se.htmuserpage.fu- berlin.de
Singleton, K. (1996). *National Commission on Teaching and America's Future*. Retrieved November 9, 2018, from https://scholar.google.com
Taring, V. B. (1997). *Kakayahan ng guro sa pagtuturo ng Filipino sa institusyon ng lalong mataas na edukasyon sa Dumaguete* (Di- inilathalang disertasyon, Cebu Normal University). Cebu Normal University Library.
Tschannen-Moran, M., Woolfolk Hoy, A., & Hoy, W. K. (1998). *Teacher efficacy: Its meaning and measure.* Review of Educational Research, 68(2), 202–248. https://doi.org/10.3102/00346543068002202
Tschannen-Moran, M., & Woolfolk Hoy, A. (2001). *Teacher efficacy: Capturing an elusive construct*. Teaching and Teacher Education, 17(7), 783–805. https://doi.org/10.1016/S0742-051X(01)00036-1ResearchGate+9SCIRP+9SCIRP+9
Ugot, I. V. (1991). *Students' and teachers' perception of the teacher-in-practice and the ideal teacher among selected schools in Surigao City* (Unpublished dissertation). Cebu Normal University.
Valeroso, G. L. (2021). *Istilo sa pagtuturo ng mga gurong hindi Filipino medyor : Lesson Exemplar.* [Disertasyon, Bohol Island State University]. Cebu Normal University Library.
Villafuerte, P. V., & Bernales, R. A. (2008). *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga teorya at praktika.* Mutya Publishing House.
Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: *Ako bibo kase dapat*: *Alpabeto ng inobatibo at makabagong guro sa agham panlipunan, edukasyon sa pagpapakatao, at Filipino*. VMV 11483 Book Publishing House.
Wang, H., Sun, W., Zhou, Y., Li, T., & Zhou, P. (2022). *Teachers' assessment literacy improves teaching efficacy: A view from conservation of resources theory*. Frontiers in Psychology, 13, 1007830. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.1007830